
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ALL SUBJECTS |
| | Teaching Dates and Time: | JANUARY 9, 2023 (WEEK 8-DAY1) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO | MOTHER TONGUE-BASED | FILIPINO | ARALING PANLIPUNAN | MATEMATIKA | MAPEH |
|---|---|---|---|---|---|---|
| *I. LAYUNIN* | | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa tulad ng pagkilos at pagsasalita ng may paggalang at pagsasabi ng katotohanan para sa kabutihan ng nakararami | Naipakikita ang tatag ng paniniwala sa Diyos (values)<br>Nalalaman ang kahulugan ng mga salita batay sa ilustrasyon (talasalitaan)<br>Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kwento sa pamamagitan ng pagsasabi kung ano ang una, pangalawa at pangatlo (oral)<br>Nahuhulaan ang kwento batay sa nalalaman tungkol sa mga tauhan | PS: Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpa-pahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan atdamdamin<br>PN: Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>PT: Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan<br>AL: Naipamamalas ang kamalayan sa mga bahagi ng aklat at sa ugnayan ng simbolo at wika | Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag unawa at pagpapahalaga sa sariling pamilya at mga kasapi nito at bahaging ginagampanan ng bawat isa | The learner . . . demonstrates understanding of addition and subtraction of whole numbers up to 100 including money | The learner... demonstrates basic understanding of the concepts of musical lines, beginnings and endings in music, and repeats in music |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Naisasabuhay ang pagiging matapat sa lahat ng pagkakataon | **MT1OL-IIa-i-1.3** Talk about oneself and one's personal experiences (friends, favorite toys) | Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin /reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon | Ang mga mag-aaral ay buong pagmamalaking nakapagsasaad ng kwento ng sariling pamilya at bahaging ginagampanan ng bawat kasapi nito sa malikhaing pamamamaraan. | The learner . . . is able to apply addition and subtraction of whole numbers up to 100 including money in mathematical problems and real- life situations. | The learner... responds with precision to changes in musical lines with body movements |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto**<br>*Isulat ang code ng bawat kasanayan.* | **EsP1P- IIg-i– 5**<br><br>Nakapagsasabi ng totoo sa magulang/<br><br>nakatatanda at iba pang kasapi ng mag- | **MT1OL-IIa-i-6.1** Participate actively during story reading by making comments and asking questions.<br>**MT1OL-IIa-i-7.1** Supply rhyming words to complete a rhyme, poem, and song. | • F1PS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan) | **AP1PAM-IIf-17**<br>Nakagagawa ng wastong pagkilos sa pagtugon sa mga alituntunin sa pamilya | **M1NS-IIh-32.4**<br><br>visualizes, represents, and subtracts one- to two-digit numbers with minuends up to 99 with regrouping. | **MU1FO-IIf-3**<br><br>relates basic concepts of musical forms to geometric shapes to indicate understanding of: |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | anak sa lahat ng pagkakataon upang maging maayos ang samahan<br>12.1. kung saan papunta/ nanggaling<br>12.2. kung kumuha ng hindi kanya<br>12.3. mga pangyayari sa paaralan na nagbunga ng hindi pagkakaintindihan<br>12.4. kung gumamit ng computer sa paglalaro imbis na sa pag-aaral | | • F1PN-IIh-10 Naibibigay ang paksa ng talatang napakinggan<br>• F1PT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan<br>• F1AL-IIh-3 Natutukoy ang salita/pangungusap sa isang talata | | | 8.1 same patterns<br>8.2 different patterns |
| ***II. NILALAMAN*** | | | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO***<br>A. Sanggunian<br>1. Mga pahina sa Gabay ng Guro<br>2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral<br>3. Mga pahina sa Teksbuk<br>4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource* | | | LRMDS<br>larawan, video clips,tsart | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | tsart | larawan ng may simulang tunog na Ff/Zz plaskard<br>Tsart ng kwento. | | tsart | | |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin. | Paano mo maiiwasang masaktan ang damdamin ng iyong kasambahay?<br>Paano mo siya dapat tratuhin? | Ibigay ang mga kahulugan ng mga salita batay sa pangyayari sa kuwento.<br> Bagyo,<br> batang natatakot,<br> aso, | Ipabigkas sa mga mag-aaral ang tula sa ibaba. Ipagawa rin sa kanila<br>ang kilos para sa mga linya ng tula. | Ipasabi sa mga bata ang iba't-ibang alituntunin na tinalakay at isinagawa nila sa kanilang tahanan. | Paano ang pagbawas sa dalawahang digit na bilang ng may regrouping? Aling hanay ang uunahin? panglawang babawasin at huli? | Pagganyak<br>Awitin ang " Aso, aso" at sundan ang kilos ng braso ng guro habang ipinakikita ang simula at katapusan ng isang phrase.p.6. |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | |  batang nagdarasal,<br> bata | | | | |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | Sinasabi ba ninyo kung saan kayo pupunta? Bakit? | I parinig ang tugma:<br>Ulan,ulan pantay kawayan<br>Bagyo, bagyo pantay kabayo.<br>Tungkol saan ang tugma?<br>Nakaranas na ba kayo ng isang malakas na bagyo?<br>Natakot ba kayo? Bakit?<br>Ano ang ginawa ninyo? | Tungkol saan ang tulang ito? Aling pangungusap sa tula ang nagsasabi ng kabuuang paksa ng tula?<br>Ano naman ang mga detalye o salita sa tula na sumusuporta<br>sa sinasabi ng huling pangungusap? ( | Tingnan ang mga larawan sa pisara. Ano-ano ang ginagawa ng mga bata?<br><br> | OBFAD | Ngayong araw na ito pag-aaralan naman natin kung paano malalaman kung magkapareho o magkaiba ang bumubuo sa isang musical lines. |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin. | Iparinig ang kwento<br>Nagpaalam si Dennis na sasama siya sa pamimingwit sa ilog malapit sa Hulo. Nang matagal-tagal na silang nakaalis ay biglang bumuhos ang malakas na ulan.<br>Kaagad-agad na sinundan ng kanyang ama si Dennis. Tamang-tama ang kanyang pagdating dahil hindi na sila halos makaalis sa umaapaw na ilog. | Ipakita ang larawan ng isang batang nananalangin sa Diyos<br>Ano kaya ang ipinagdarasal ng bata sa larawan?<br> | Bukod sa mga laro na nabanggit sa tula, may iba pa ba kayong alam na larong Filipino? Ano-ano ang mga ito? | Ayon sa mga larawan, sabihin ang akmang sitwasyon sa paggawa o pagtugon ng mga alituntuning ito. | Magdaos ng laro.<br>Pabilisan ang pangkat sa pagsagot sa pisara.<br>May 15 biskwit si Sony.<br>Kinain niya ang 7.<br>Ilang biskwit ang natira? | |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | 1. Nagsabi ba si Dennis nang totoo kung saan siya pupunta?<br>2. Ano ang nagyaring hindi inaasahan?<br>3. Bakit hindi sila makaalis-alis sa kanilang kinalalagyan?<br>4. Nailigtas kaya sila ng ama ni Dennis? | Babasahin ng guro ang kwento sa mga bata.<br>Ang Panalangin ni Fatima<br>Isang gabi, nagkaroon ng bagyo sa bayan ng mga Ifugao. Takot na takot si Fatima. Yumakap siya sa kanyang Inang Felising. "Huwag kang matakot , anak, hindi kita iiwan," sabi ni Inang Felising. | Ipanood sa mga batang ang iba't ibang larong pinoy .<br>https://www.youtube.com/watch?v=fiZ2ZbjUKwc | Kumuha ng iilang sitwasyon sa loob ng silid aralan at tutugunan ito ng mga piling bata .<br>Hal.1. May kalat na papel sa sahig.<br>2. Pakikipag-usap sa guro | Pag-aralan natin ang mga hakbang sa pagsagot sa pagbabawas ng tatluhang digit na may regrouping o pagpapangkat.<br><br>May 573 na oranges sa isang fruit store. Kung 189 na oranges ang | Balikan ang awiting "Aso, aso". Ilang phrase ang makikita sa awit?<br><br>Magkatulad at Magkaiba<br>Narito ang mga salita sa awiting " Pan de sal". Gamit |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 5. Kung hindi kaya siya nagsabi nang totoo, ano kaya ang maaring nangyari sa kanya | Nag-aalala rin si Inang Felising kay Mang Felipe dahil hindi pa siya umuuwi sa bahay. Sa halip na mag-alala, nanalangin ang mag-ina. Pagkatapos dumating si Mang Felipe na basing-basa, kasama niya si Filong, ang alagang aso. Ahad nagpalit ng damit si Mang Felipe.<br>Ikinuwento niya kung paano siya nakaligtas sa baha sa tulong ni Filong.<br>"Salamat sa Diyos dahil ligtas na si Amang Felipe," wika ni Inag Felising. "At iniligtas po siya ni Filong at higit sa lahat n gating panalangin," dugtong ni Fatima. | | | nabenta, ilang mga oranges ang natira?<br>Sundin ang mga sumusunod na mga hakbang sa pagbabawas ng tatluhang digit na bilang na may regrouping.<br>1 – Regroup mo ang sampuan.<br>Ibawas ang isahan.<br>613<br>573<br>- 189<br>4<br>Step 2 – Regroup ang hundreds.<br>Ibawas ang sampuan.<br>416<br>573<br>- 189<br>384<br>Step 3 – Ibawas ang hundreds<br>41613<br>573<br>- 189<br>384 | ang iba't ibang hugis sa ibaba, kilalanin ang mga phrase na may mga katulad at magkaibang tono. Iguhit sa ibabaw ng linya ang wastong hugis para rito. Maaaring gamitin ang at LM p.8 |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Lutasin:<br>1. Pinababalik ka ng iyong guro sa paaralan upang tumulong sa paglilinis ng silid-aralan.Paano ka magpapaalam sa iyong magulang?<br>2. Kinukumbida ka ng kaklase mo sa kanyang kaarawan. May gawain ka pa sa bahay. Paano ka magpapaalam? | Ano ang nangyari sa lugar nina Fatima?<br>Ano ang ginawa nina Fatima para mawala ang kanilang pag-aalala? | Talakayin ang iba'ibang larong pinoy na napanood. Bigyang pansin ang mga larong patintero, piko, luksong lubid, luksong tinik.<br>Pamilyar ba kayo sa mga larong ito?<br>Gumawa ng talahanayan na may apat na hanay. Ilagay sa itaas ng bawat hanay ang pangalan ng isang laro. Isa-isang talakayin ang | Kailan natin dapat gawin o isasabuhay ang pagtugon ng mga alituntunin?<br>Kilalanin ang mga batang nagpapakita ng dagliang pagtugon sa mga sitwasyon sa silid aralan | Ilang lahat ang oranges sa fruit store?<br>Ilan ang nabenta? Ilan ang natira? | Anong anyo ang nabuo buhat sa awit?<br>Sabihin: Kapag ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga phrase ay namarkahan na gamit ang iba't ibang hugis, tinatawag ang mga itong form ng isang awit. Ibig sabihin, ang form ng awiting "Pan de Sal" ay<br>. |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | bawat laro. Ilista sa bawat hanay ang mga salitang mapag-uusapan ng klase na may kinalaman sa bawat laro. | | | |
| F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa *Formative Assessment*) | | | Gumamit ng mga tanong upang matukoy ng mga mag-aaral ang mga salitang kaugnay ng bawat laro. Halimbawa:<br>— Ilan ang maaaring sumali sa larong ito?<br>— Anong kagamitan ang kailangan?<br>— Saan ginagamit ang (salitang binanggit ng bata)?<br>See TG Basa Pilipinas p. 157-158 | Ano-anong sitwasyon ang madalas mong natutugunan sa inyong tahanan.<br>Bigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na magkuwento | Ilang lahat ang oranges na natira?<br>Dapat ba na laging nagreregroup kapag nagbabawas? Bakit? | Kasanayang Pagpapayaman<br>Gawain 3<br>Narito ang awiting “Are You sleeping?” Alamin kung aling phrase ang magkakatulad at magkakaiba.<br>Markahan ng<br>☆□○△ |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay | Sagutin kung ginagawa o hindi ginagawa.<br>___1. Umaalis ka ng bahay na hindi nagpapaalam?<br>___2. Nagsasabi ka ng totoo kung saan ka pupunta?<br>__3. Nagpapaalam na papasok sa paaralan ngunit namamasyal ka. | Pangkatang Gawain:<br>Pangkat 1 – “May Bagyo”.<br>Pangkat 2 – “Magdasal Tayo – Ipasadula ang mahalagang bahagi.<br>Pangkat 3 – “Ligtas Po Ako” –<br>Pangkat 4 – “Salamat Po, Diyos Ko”<br>Iguhit ang pamilyang sama-samang Nagdarasal(tingnan sap ah. 279 ang mga tanong sa bawat Gawain) | Basahin para sa mga mag-aaral ang mga salita sa bawat hanay.<br>Ipaulit sa kanila ang mga salitang babanggitin.<br>• Tulungan ang mga bata na makabuo ng simpleng pangungusap gamit ang mga salita sa talahanayan. Ipakita sa kanila kung paano ito gagawin. | Gumawa ng talaan sa isang maliit na kuwaderno ng mga alituntuning tinitugunan mo sa iong pamilya | Tawagin ang mga bata nang pangkatan sa pisara upang makita kung nasusunod ang konsepto sa pagbabawas. | Gawain 4<br>“Isang Hamon sa Kalesa”<br>Pakinggang mabuti ang awiting “Kalesa”. Magmartsa sa sariling lugar kasabay ng kumpas kapag sinimulan ang pag-awit. Sa tuwing magbabagao ang bahagi ng awit, igahin din ang pagkilos upang maipakita ang panibagong bahagi ng awit.p.9 Gawain 4 |
| H. Paglalahat ng Aralin | Tandaan: Sabihin ang totoo kung saan pupunta. | | | Ang isang suliranin o sitwasyon ay magiging magaan kapag kusa natin itong tinutugunan para sa kapakanan ng ating pamilya. | Alin ang uunahin kapag nagbabawas ng tatluhang digit na may regrouping hanggang 999?<br>**Tandaan:** | Ano ang tawag sa maliliit na bahagi na bumubuo sa isang awit?<br>BIgyang diin ang bahaging Tandaan p. |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Sa pagbabawas ng tatluhang digit, unahin munang bawasin ang bilang sa hanay ng isahan, tapos isunod ang bilang sa hanay ng sampuan, at isunod ang daanan.<br>Kung mas malaki ang digit na nasa ibaba o subtrahend kaysa sa digit ng nasa itaas o minuend, kailangang magregroup sa hanay na iyon. | |
| I. Pagtataya ng Aralin | Lagyan ng S kung sang-ayon at DS kung di-sang-ayon<br><br>__1. Nagpapaalam ako kapag aalis ng bahay.<br>__2. Sasabihin ko kay nanay na galing ako sa palaruan pagdating ko sa bahay.<br>__3. Hindi nalang ako magpapaalam kay nanay na aalis ako, kasi wala naman siya.<br>__4. Patakbong umalis ng bahay si kuya, hindi na siya nagpaalam dahil hindi naman siya papayagan.<br>__5. Ang pagpapaalam ay isang magandang gawi na dapat nating ugaliin. | Sagutin: Pasalita<br>Sabihin kung alin ang una, pangalawa at pangatlong pangyayari batay sa kwentong narinig.<br>_____Nanalangin sina Inang Felising at Fatima<br>_____May malakas na bagyo sa lugar nina Fatima<br>_____Nakauwi ng ligtas si Mang Felipe sa tulong ng panalangin at ng alaga niyang aso na si Filong. | Hayaang ipabahagi sa mga bata ang mga pangungusap na kanilang nabuo sa tulong ng mga salita sa talahanayan tungkol sa laro. | Sagutin; Tama o Mali<br>Dapat natin sundin ang mga alituntunin.<br>Magiging maayos ang tahanan kahit walang alituntunin na ipinatutupad.<br>Dapat na sumunod ang mga nakatatanda lang sa alituntunin.<br>Hindi dapat pinasusunod sa mga alituntunin ang mga bata.<br>May katapat na kaparusahan ang pagsuway sa tuntunin. | Subtract: Isulat nang patayo. Pagtapat-tapatin ang mga hanay nang wasto.<br>1. 246 – 127<br>2. 485 – 199<br>3. 623 – 464<br>4. 976 – 787<br>5. 811 - 327 | Ipakita kung gaano natutuhan ang aralin sa pamamagitan ng paglalagay ng / sa kahon. Gawin ito sa inyong kuwaderno. P.9( learning packages) |
| J. Karagdagang Gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Mag-isip ng pangyayari sa inyong tahanan na nagpapakita ng pagpapaalam mo sa iyong nanay. Humanda sa pagbabahagi nito sa klase bukas. | Magtala ng mga bagay na dapat ihanda sa oras ng kalamidad tulad ng bagyo. | Itanong sa inyong magulang o ibang nakatatanda sa bahay kung ano ang ibig sabihin ng salitang babala. Tanungin sila kung may mga bagay o kagamitan sa bahay na may nakalagay na babala at hilingin na ipakita sa inyo ito. | | Nakaipon si Kim ng P674. Nakaipon din si Miki ng P399. Magkano ang lamang ng naipon ni Kim kaysa kay Miki? | |

***IV. Mga Tala***

***V. PAGNINILAY***

A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.*
C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?